ECKERÖ LINE

# MALIGAYANG PAGDATING SA BARKONG MS FINLANDIA!

**Maligayang Pagdating sa barkong MS fInlandia! Gusto naming na masiyahan ka sa iyong panahon sa paglalakbay sa MS Finlandia, kaya tinipon namin ang ilang mga impormasyon na maaaring makakatulong!**



ECKERÖ LINE


## MAG-CHECK-IN

Sa Helsinki, makikita mo ang Eckerö Line check in counter sa Länsiterminaali T2 (o Kanlurang Harbour T2) At sa Tallinn, sa may Terminal-A. Ang pagcheck-in ay magsisimula 2 oras bago ang pag-alis at magsasara 45 minuto bago pa ang naka-iskedyul na oras ng pag-alis. Mangyaring dumating upang mag-check in na hindi lalagpas sa 1 oras bago ang pag-alis! Ang Eckerö Line ay nag-aalok ng iba't ibang uri ng pag-check-in. Paki-click dito  para sa higit pang impormasyon . Mangyaring ipakita ang iyong pasaporte/ ID card at ang numero ng booking o voucher sa aming clerk sa check in counter at ikaw ay makakatanggap ng boarding card. Kailangan mo ng boarding card o QR-code para makadaan sa boarding gates at maka-access sa pangunahing lugar na hintayan. Ang daanan patungong boarding ay magbukas 1 oras bago ang pag-alis.

## TARA SA BARKO!

Kapag ang pag-board sa barko ay inanunsiyo, maaaring pumunta na sa waiting area ng barko. Ikaw ay papasok sa MS Finlandia sa deck 6. Maligayang pagsakay!

# ECKERÖ LINE



DECK 9
DECK 8
DECK 7
DECK 6
DECK 5
DECK 4
DECK 3
DECK 2
DECK 1
Cafe Satama
Kids' Corner
Buffet Eckerö
Bar Naissaar
Pop Up Shop
Pub Telakka
Pub Jätkäsaari
Bar Nosturi
Bar Paja
Info
Eckerö Market & Parfymeria
Bar Laituri
Toilets
Conference Centre & Lounge




## DESK NG IMPORMASYON

Ang information desk sa **deck 6** ay nagbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa aming barko at ang aming mga destinasyon (halimbawa mga mapa ng Tallinn at Helsinki). Maaari ka ring bumili ng cabin dito o ipapalit ang mga barya para sa mga locker ng bagahe. Meron ding istasyon para mag-charge ng cellphone Ang information desk ay nagbebenta din ng mga pahayagan, magasin, soft drink, at produktong tabako.

## MAY PALIKURAN SA ;LOOB

May mga palikuran at pasilidad para sa paghuhugas ng mga kamay sa **deck 7, 8, 9**. Tingnan ang plano ng barko na makukuha sa bawat palapag sa tabi ng hagdan.

# MGA CABIN



MS Finlandia ay nag-aalok ng paglalakbay sa loob ng komportable at pribadong cabin. Maaari kang mag-book nang maaga para sa iyong cabin, ngunit maaari ka ring bumili mula sa information desk.

Sa MS Finlandia, may iba't-ibang uri ng cabin - may mga cabin sa at mga cabin na may tanawin sa dagat, may mga cabin para sa dalawa o apat na tao, espesyal na cabin para sa may allergy at para sa mga pasahero na limitado ang paggalaw at cabin para sa mga pasahero na may mga alagang hayop. Lahat ng cabin ay may pribadong paliguan at WC. Sa cabin maaari kang magpahinga pagkatapos ng mahabang araw o maagang gumising, o maaari mong iwan doon ang iyong bagahe at pag-aari at kumain sa mga restawran sa barko o mag-shopping sa Eckerö Market.

ECKERÖ LINE



## UPUAN SA BARKO

Maaari kang pumili ng anumang libreng lugar upang umupo at magpahinga. Tandaan na kapag panahon ng tag-init, mayroong **450 upuan** sa itaas, sa aming kaibig-ibig na sun deck! Maaari ka ring bumili ng isang cabin para sa isang komportable at mas pribadong paglalakbay!

## BAGAHE

Kung mayroon kang bagahe na hindi mo kailangan sa panahon ng iyong paglalayag, maaari mong itago ito nang libre sa aming **mga silid para sa bagahe** sa **deck 6 & 7**. Naka-lock ang mga bagahe sa oras ng biayhe at hindi mo maa-access ang mga ito. Maaari mo ring gamitin ang **mga locker ng imbakan** sa mga **deck 6 at 7**, na ang bayad sa imbakan ay binabayaran ng card ng pagbabayad. Ang QR code sa iyong boarding pass ay nagsisilbing susi sa locker. Maaari ka ring mag-book ng isang cabin kung saan maaari kang magpahinga sa panahon ng paglalakbay at itago ang iyong bagahe at iba pang mga pag-aari.




## BUSINESS LOUNGE

Sa tabi ng aming information desk, makikita mo ang aming Business Lounge. Para sa karagdagang bayad, maaari mong gamitin ang mga serbisyo ng Lounge: isang personal na upuan sa isang tahimik na lounge na may mabilis na WIFI, sariwang prutas, matamis at masarap na meryenda pati na rin ang mga inumin: tsaa, sariwang kape, juice, soft drink, draft na beer, at wine. Kapag nabayaran mo na ang bayad sa pag-pasok, malaya ka nang pumasok at iwanan ang lounge sa panahon ng paglalayag.



# SHOWTIME!

Maaari kang mag-enjoy sa live na musikang Finnish sa **Bar Nosturi** o sa **Pub Telakka** sa **deck 8** at kapag panahon ng tag-init ay sa **Bar Laituri** sa **deck 9**. Ang programa ng cruise ay makukuha sa aming information desk.

ECKERÖ LINE



## INUMIN

Maaari kang bumili ng inumin sa alinman sa aming mga bar sa **deck 8** at kapag panahon ng tag-init maging sa **deck 9**. Kung gusto mo ng baso ng champagne, pumunta sa **Bar Naissaar**, kung nais mong maranasan ang pakiramdam na nasa pub at tikman ang mga produkto ng maliliit brewery na Finnish at Estonian, pumunta sa **Pub Telakka** – parehong matatagpuan sa **deck 8**!

## KAPE, TSAA, AT MERYENDA

Ang pinakamahusay na pagpipilian ng sariwang kape at tsaa ay matatagpuan sa **Bistro & Cafe Satama** sa **deck 8**. Ang cafe ay nag-aalok din ng mga sandwich, salad, meryenda, burger, at iba pang mainit na pagkain. Ang pinakapopular na magaan na pagkain sa barko – ang shrimp sandwich – ay maaari ring mabili dito!





# NAPAKASARAP NITO!

Ang **Buffet Eckeröö**, ang pangunahing restaurant ng barko, ay nag-aalok ng pinakamahusay na Finnish at Nordic na sangkap at pagkain, na ang lasa ay parang luto sa bahay. Angf Buffet Eckeröö sa **deck 8** ay nag-aalok ng almusal, tanghalian, at hapunan. Ang pagkain sa Buffet Eckeröö ang pinakamahusya na lugar upang magkaroon ng isang tunay na piging sa dagat at upang simulan ang iyong pagkilala sa pagkaing Finnish! Ang aming malamig at mainit na buffet ay masarap at nag-aalok ng masarap na lasa mula sa Dagat Baltic, kagubatan ng Finland at hardin, laging sariwa at masarap! Kasama rin sa presyo ang soft drinks, kape, tsaa, juice, draft beer, at wine. Tara at tingnan ang availability at mga presyo!




# SHOPPING

Oo, ito ang pinakamahusay na libangan! Ang **Eckeröö Market** sa **deck 6** ay nag-aalok ng pinakapopular na brand ng mga pabango, pampaganda, at mga produkto sa pangangalaga ng balat. Ang mga brand na Finnish gaya ng Lumene ay makikita doon! At dagdag pa sa mga pabango, ang Eckerö Market ay may maraming pagpipilian sa mga matatamis at tsokolate at may maraming pagpipilian sa iba't ibang klase ng inumin.
**Ang PopUp Shop** sa **deck 8** ay laging nag-aalok ng kapana-panabik na mga balita tungkol sa fashion mula sa de kalidad na brand, malawak na hanay ng mga aksesorya, tulad ng alah-as at relo - perpekto na panregalo at souvenir! Para sa libreng buwis na pag-shopping mangyaring humingi ng form sa lib-reng buwis sa Global Blue na kailangang sagutan sa tindahan!

## LABAS

Ang itaas na bahagi ng barko (deck 9) ay isang magandang lugar para magkaroon ng maikling paglalakad at para makita ang pinakamagandang tanawin sa dagat. Kung nais mong kumuha ng mga larawan ng pagdating sa Helsinki o Tallinn, ang pinakamahusay na oras ay 30 minuto bago dumating sa daungan. Ang **Bar Laituri** sa **deck 9** ay bubuksan lamang sa panahon ng tag-init. Halika at huminga sa tunay na hangin ng Dagat Baltic!

## PALARUAN NG MGA BATA

Sa aming cafe sa **deck 8**, maaari mong mahanap ang palaruan para sa mga bata. Sa panahon ng tag-init, ang ilan sa aming mga conference room sa **deck 6** ay ginagawang isang palaruan para sa mga bata!

## PANINIGARILYO

Tandaan na ang aming barko (kasali na ang mga cabin at palikuran) ay isang lugar na ipinagbabawal ang paninigarilyo. Ang paninigarilyo ay pinahihintulutan lamang sa mga bukas na lugar na may hangin sa mga espesyal na itinalagang lugar para sa paninigarilyo.

## SUBUKAN ANG IYONG SWERTE!

Wala kaming casino sa barko, ngunit sigurado kaming may ilang mga slot machine sa **deck 8**, sa tabi ng Pub Telakka at Bar Nosturi.

## PAGLALAKBAY NANG MAY SASAKYAN

Kung maglalakbay ka nang may sasakyan, mangyaring pumunta sa daungan nang hindi bababa sa **1.5 oras** bago ang pag-alis. Sundin ang mga palatandaan ng trapiko at pagkatapos ng check-in. Sundin din ang patnubay ng aming mga regulasyon sa trapiko kapwa sa lupa at sa barko. Mangyaring tandaan na hindi ka maaaring manatili sa loob ng kotse o bisitahin ang sasakyan sa panahon ng paglalayag. Ang pag-check-in ng kotse ay magsasara 45 minuto bago ang pag-alis.





## PAGBABA

Madaling pag-alis sa barko sa destinasyon. Nangyayari ito mula sa parehong lugar sa **deck 6** kung saan ka pumasok sa barko. 10 minuto bago dumating sa destinasyon, ang kaukulang anunsiyo ay maririnig sa loudspeaker ng barko. Isa pang anunsiyo ang gagawin kapag nagsisimula na ang pag-alis Ngayon maaari mo nang lisanin ang barko.

## MARAMING SALAMAT! KIITOS AITÖH

Kami ay lubos na nagpapasalamat na sa paglalakbay ninyo kasama namin. Umaasa kaming nasiyahan ka sa paglalayag sa MS Finlandia. Lagi kang welcome na bumalik!

Maaari mong malaman ang karagdagang impormasyon tungkol sa MS Finlandia at Eckerö Line sa aming website www.eckeroline.com/welcome-phillippines